BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

# RIFAMPIN
## RIFAMPIN

Ang Rifampin ay isang antibiotic na ginagamit sa pag-iwas at paggamot ng tuberkulosis (TB) at ibang mga may kinalamang impeksyon.

.

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**

- Inumin ito kapag walang laman ang tiyan, 1 oras bago kumain o 2 oras pagkatapos kumain
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)**

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

**Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? Is there anything I should avoid when taking this?)**

- alak

Bago inumin ang **RIFAMPIN,** siguraduhing sabihin sa iyong doktor, nars o parmasyotiko ang lahat ng mga gamot (kabilang ang mga hindi nangangailangan ng reseta) na iniinom mo. HUWAG simulan an gisang bagong gamot nang hindi kinokonsulta ang isang doktor o parmasyotiko.

**Ano ang ilan sa posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)**

- alibadbad, heartburn (sinisikmura)
- pagkahilo o sakit ng ulo

# RIFAMPIN (pagpapatuloy)
**RIFAMPIN** (cont'd)

**Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:**

- di-karaniwang pagkapagod o kahinaan
- lagnat
- kawalan ng ganang kumain
- alibadbad (parang masusuka)
- sira ang tiyan o diarrhea
- madilim na kulay ng ihi
- paninilaw ng balat o mga mata
- masakit na bibig o dila
- pamamasa ng balat
- singaw sa balat
- anumang ibang mga walang-tigil na side effects

**Sabihin sa iyong doktor kung nakararanas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa information sheet na ito.**

Dahil sa pag-inom ng gamot na ito, ang iyong mga luha, ngipin, laway, dura, pawis, ihi, at dumi ay maaaring maging **kulay red-orange**. Ito'y hindi mapanganib pero maaaring permanenteng makulayan nito ang soft contact lenses.

Ang rifampin ay maaaring magbawas sa pagkabisa ng birth control pills. Gumamit ng alternatibong uri ng birth control (barrier method, halimbawa, condoms, diaphragms).
Patuloy na gamitin ang barrier method nang 28 araw man lamang pagkatapos itigil ang rifampin.
Bawasan ang oral contraceptive hormone free days at gawin itong 4 na araw.

Mahalagang gawin mo ang lahat ng mga lab test na iniutos sa iyo ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng mga appointment sa iyong doktor o nars.

Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Capsules: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang mahigpit na saradong lalagyan sa isang malamig at tuyong lugar
- Suspension: Ilagay sa refrigerator. Alugin nang mabuti bago gamitin

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: ________________________________

| | |
|---|---|
| Vancouver TB Services Clinic: | 604-707-2692 |
| New Westminster TB Services Clinic: | 604-707-2698 |
| BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: | 604-707-2580 |



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions.
Better health.
ACCREDITED · AGRÉÉ · CCHSA · CCASS
*A research and teaching centre affiliated with UBC*